フィリピノ語 版

Paalala sa mga kapitbahay,
Ang lahat ng mamamayan ay may pangunahing papel sa pagpapabuti ng ating kumunidad upang gawin itong kanais-nais na tirahan!

Upang gawing ligtas at matiwasay ang kumunidad para sa lahat, mayroong mga pagtitipon o **neighborhood associations** na itinatag upang magkaisa ang ating mga kapitbahay.

Araw-araw ay mas lumalalim ang magandang relasyon o pagkakaibigan nating magkapitbahay, na nagbibigay-daan sa pagtutulungan at kooperasyon sa paglutas ng mga problemang namamagitan sa ating pagsasama. Ang pagsisikap nating makipagtulungan sa ating mga kapitbahay at ang pakikisamang nagmumula sa araw-araw na pagbati sa kapwa, ay hindi lamang nakakatulong sa pagkakaroon ng isang matiwasay na kapaligiran sa pook ng tirahan, naipapamalas din natin ang ating lakas o determinasyon sa pagsagawa ng iba't-ibang gawain tulad ng pagtulong sa panahon ng mga kalamidad o sakuna.

Nasa atin ang desisyon sa paglikha at pagprotekta ng ating kumunidad. Ang mga pagtitipon o neighborhood associations natin ay nagsasagawa ng iba't-ibang gawain, tulad ng pag-aruga sa ating mga kabataan, kasabay ng pakikipag-ugnay o pakikipagbalikatan sa ibang organisasyon sa kumunidad.



Magparehistro bilang miyembro ng inyong neighborhood association. Magtanong sa mga opisyales ng inyong neighborhood association para sa mga detalye

Ang inyong mga kamay ang huhugis ng ating kumunidad!
Ang inyong mga neighborhood associations ay nagsusumikap upang gawing kanais-nais na tirahan ang ating mga kumunidad.

Ang inyong Neighborhood Association

Ilang halimbawa sa mga gawain ng ating mga Neighborhood Associations upang gawing ligtas at kanais-nais ang ating mga kumunidad

Social Activities

Palaguin ang pag-uugnayan upang mas maging malapit ang mga kapitbahay sa pamamagitan ng mga **festivals, athletic meets, at marami pang iba**

Suporta ng mamamayan

Mga Regional activities na **nagbibigay ng suporta** at **proteksiyon** para sa lahat ng ating mamamayan mula sa pinakabata hanggang sa pinakamatanda

Pagkalat ng impormasyon

Pagkalat ng **impormasyong mahalaga** para sa ating araw-araw na kabuhayan na may kaugnayan sa ating mga kapitbahay sa pamamagitan ng mga **circulation boards**, iba pa.

Pagpigil ng krimen

Pagprotekta sa ating kabataan sa pamamagitan ng mga gawaing nauukol sa pagpigil ng krimen, tulad ng pagsiguro na maliwanag ang paligid at pagtatag ng mga **neighborhood patrols**

Pagpapaganda ng paligid

Pagpapanatili ng isang **matiwasay** at **magandang** cityscape sa pamamagitan ng pangangasiwa at pag-maintain ng mga lugar sa pagkolekta ng basura at paglilinis ng mga parke at kalye

Pagpigil sa kalamidad o sakuna

Paglikha ng autonomous disaster prevention groups, **paghahanda** para sa kalamidad o sakuna at pagsagawa ng mga pagsasanay o disaster drills

Saan maaring tumawag

Citizens Activities Promotion Division, Citizens Affairs Bureau, Siyudad ng Hiroshima☎082-504-2131

Naka Ward Office	☎082-504-2546	Asaminami Ward Office	☎082-831-4926
Higashi Ward Office	☎082-568-7704	Asakita Ward Office	☎082-819-3905
Minami Ward Office	☎082-250-8935	Aki Ward Office	☎082-821-4905
Nishi Ward Office	☎082-532-0927	Saeki Ward Office	☎082-943-9705

Ipinagkaloob ng Citizens Activities Promotion Division, Citizens Affairs Bureau, Siyudad ng Hiroshima
1-6-34 Kokutaiji-machi, Naka-ku, Hiroshima 730-8586 ☎082-504-2131